PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 35 OCTOBER 25 - 31, 2021 10.00

# ICT RevoLuzon for Economic Transformation

**The Department of Information Communication Technology (DICT) and the National ICT Confederation of the Philippines (NICP) convened on September 23-24, 2021 for the Convergence of Luzon ICT Champions Conference 2021, carrying the theme "ICT RevoLuzon for Economic Transformation. CLICkCONEX 2021 brought various stakeholders including the academe, government agencies and other technical savvy and information technology enthusiasts in exploring possible opportunities and developments on cracking the code for the creation and running of a #DigitalPh.**

Hosting this year's event is the Cavite ICT Council. On behalf of Governor Jonvic Remulla, Atty. Jesse Remulla Grepo, Provincial Legal Officer delivered his message to the attendees highlighting the provincial government's initiatives and programs on industry, commerce and infrastructure and stressing the role of ICT in enabling a healthier economy. He also emphasized that exploring digitalization and participating in digital revolution will be an avenue in conquering the true essence of freedom.

Mr. Michael Tiu Lim, President of the NICP wel

(SEE PAGE 3)

## ILANG MANGINGISDA SA CAVITE, BINIGYAN NG FRP BOATS NG BFAR 4-A

Ilang mangingisda sa lalawigan ang ginawaran ng Fiber Reinforced Plastic (FRP) boats sa pamamagitan ng FB Pagbabago Program ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) 4A.

Ang FB Pagbabago ay isa sa mga livelihood intervention ng DA-BFAR na naglalayong mapabuti ang socio-economic status ng mga mangingisda sa pamamagitan ng pagkakaloob ng disaster-resilient at resource-fishing boats at resource appropriate fishing gears.

Noong Oktubre 7, apat na yunit ng mga FRP boat na may engine at kumpletong accessories ang iginawad sa walong rehistradong mangingisda mula sa Barangays Ligtong I, Ligtong 4, Wawa III, at Muzon I sa bayan ng Rosario.




Ang 22, limang yunit ng mga FRP boat ang natanggap ng limang organisasyon ng mangingisda sa Cavite City.

Ang 3-araw na paggawa ng bangka ay nagawa sa pamamagitan ng suporta ng lokal na pamahalaan at nakumpleto mula Setyembre 15 - 17, 2021.

Sa naunang seremonya noong Setyembre pinangasiwaan nina G. John Dave Frankie Dayo at G. Vincent De Mesa, kapwa mga teknikal na kawani ng BFAR 4A Freshwater Demonstration Fish Farm mula Setyembre 8 - 10, 2021.

# Online rice dealer gets aid from Sampung Libong Pag-asa



**Marivic Azote is one of the thousands who have joined the ranks of entrepreneurs who have taken to the internet to sell their products. But in a sea of vendors selling clothes and shoes online, she stands out because her online product is decidedly different from the rest: sacks of rice.**

Azote, a resident of Batong Kawayan 2 in General Trias, Cavite, started her business as a way to augment her family's income amid the pandemic. She collects orders for sacks of rice online, buys them in bulk from her supplier, and delivers them personally to her buyers.

"Kinikita ko po sa pag-o-online po ng bigas po, tumutubo po sa isang sako ay P200, kapag may umorder sa akin ng limang sako, may tubo po ako na P1,000," Azote said in a prerecorded video shown during the Sampung Libong Pag-asa program on Wednesday, October 20, 2021.

(From selling rice online, I make P200 for every sack of rice ordered; if

(SEE PAGE 3)

## 30 MSMES SA CAVITE CITY, BINIGYANG TULONG NG DTI





Tumanggap ng tulong sa negosyo ang nasa may tatlumpung micro, small, and medium scale entrepreneurs mula sa anim (6) na barangay ng Cavite City mula sa Department of Trade and Industry (DTI).

Isang Entrepreneurship Seminar ang ginanap sa paglulunsad ng Livelihood Seeding Program - Negosyo Serbisyo sa Barangay noong Oktubre 12 hanggang 14.

Bukod sa seminar, bibigyan rin ng Livelihood Starter kit ang mga maliliit na negosyante bago magtapos ang buwan upang makatulong sa kanilang pagsisimulang muli sa kanilang mga kabuhayan.

## 394 SENIOR CITIZENS SA CARMONA, NABAKUNAHAN NG ANTI-FLU



Binigyan ng anti-flu vaccines ang nasa may 394 senior citizen sa bayan ng Carmona noong Oktubre 15 bilang karagdagang proteksyon sa sakit.

Ang naturang aktibidad ay pinangunahan ng Municipal Health Office, na may layong proteksyunan ang mga mamamayan sa gitna ng pandemya lalo na ang mga nasa bulnerableng sektor tulad ng mga senior citizen.

Samantala, noong Oktubre 16 ay naiulat na nasa 72 ang aktibong kaso o kasalukuyang nagpapagaling mula sa mga sintomas ng sakit mula sa bayan ng Carmona.

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# ANO ANG POLYCYSTIC OVARY SYNDROME (PCOS)?

**Payo ni Doc Willie Ong at Dr. Iris Thiele Isip Tan**

Ang Polycystic Ovary Syndrome (PCOS) ang pinakamadalas na hormonal disorder sa mga babaeng nagreregla o mga babaeng puwedeng mabuntis. Ang mga babaeng may PCOS ay maaring makaramdam ng ilan sa mga sumusunod -

1. Hindi regular o paghinto ng regla
2. Hindi mabuntis o magka-anak
3. Pagtaba (karaniwan na lumalapad ang waist line o ang tinatawag na abdominal obesity kung saan mas maraming taba sa may baywang). Pero puwede ring magkaroon ng PCOS ang babaeng payat o normal ang timbang.
4. Taghiyawat (acne)
5. Sobrang buhok sa mukha o katawan (karaniwan sa mga parte na kadalasang walang buhok ang babae, tulad ng sa ibabaw ng labi parang bigote o sa dibdib)
6. Pagnipis ng buhok (tulad ng pagkalbo sa mga lalaki)

Tinawag ang kondisyon na ito na polycystic dahil karaniwang may cysts ang obaryo ng mga babaeng may PCOS. Hindi kanser ang mga cysts na ito.

Marami sa mga kababaihang may PCOS ay nire-refer sa isang endocrinologist dahil may mga kaakibat itong mga ibang problemang pangkalusugan tulad ng:

1. Insulin resistance. Nahihirapang matunaw ang asukal sa dugo kapag may insulin resistance at ito ay maaring tumuloy sa type 2 diabetes.
2. Mababang level ng HDL o good cholesterol at mataas na level ng LDL o bad cholesterol. Mataas din ang triglycerides. Dahil dito tumataas ang peligro ng mga babaeng may PCOS na magkaroon ng atake sa puso o stroke.
3. Obstructive sleep apnea (OSA). Ang mga babaeng may PCOS at overweight ay maaring magkaroon ng OSA kung saan patigil-tigil ang paghinga habang natutulog. Pag gising tuloy ay parang pagod na pagod pa rin dahil hindi maganda ang kalidad ng pagtulog dahil bumababa ang oxygen sa dugo habang natutulog at naiipon naman ang carbon dioxide. Karaniwan din na naghihilik ang mga may OSA.
4. Dahil irregular ang regla, puwedeng kumapal ang lining ng matres. Huwag itong pabayaan para hindi mauwi sa endometrial cancer o kanser sa lining sa matres.

Tulad ng diabetes, wala pang gamot para gumaling o mawala ang PCOS pero may mga gamot na puwedeng ibigay ang doktor para umayos ang regla at mabuntis. Kailangan din ng tamang pagkain at ehersisyo para pumayat at maiwasan ang diabetes at maging normal ang level ng kolesterol. Puwede ring magreseta ang doktor ng gamot para sa diabetes at kolesterol.




# EDITORYAL

## Ang hindi bakunado hindi susuweldo!

Hindi makatao ang ginagawa ng ilang establisim-yento sa kanilang mga manggagawa na hindi pinasusuweldo hangga't hindi bakunado ang mga ito. Nasaan ang konsensiya ng mga employer na ito? Natitiis nilang huwag kumain ang empleyado at pamilya nito? Nagtrabaho sa loob ng 15 araw tapos hindi pasusuwelduhin dahil hindi bakunado.

Ayon sa Trade Union Congress of the Philippines- (TUCP), may mga commercial establishments na hino-hold ang suweldo ng kanilang mga empleyado na hindi pa bakunado. Ayon pa sa report, kapag nakapagpakita na umano ng katibayan sa superbisor ang empleyado na sila ay fully vaccinated na saka lamang ire-release ang kanilang suweldo. Kung walang maipakitang katibayan, sorry na lang dahil walang suweldong matatanggap.


Sinabi pa ng TUCP sa report na ang mga emple-yadong nagrereklamo sa ginagawa ng kanilang employer ay pinag-iinitan at ang iba ay tini-terminate sa kanilang trabaho. Kaya marami umano sa mga empleyado ang natatakot magreklamo.

Sabi ni TUCP president Raymund Mendoza, ang ginagawa ng ilang establisimyento ay tahasang diskriminasyon at pangha-harass sa mga kawawang manggagawa. Hindi aniya ito makatarungan. Ayon pa kay Mendoza, labag sa batas na i-withhold ang suweldo ng manggagawa dahil lamang hindi pa bakunado. Hindi lamang ito paglabag sa batas ng paggawa kundi paglabag din sa karapatang pantao. May parusang pagkabilanggo ang lalabag sa batas.

Kaawa-awa ang mga manggagawang pagkaka-itan ng suweldo dahil lamang hindi sila bakunado. Pati ang kanilang pamilya ay masasakripisyo. Walang puso ang mga may-ari ng kompanya na nagpapatupad ng ganitong sistema. Sa halip na tulungan nila ang mga empleyado na mabakunahan, ang suweldo ng mga ito ang iipitin. Hindi makatao ang gawaing ito.

Nararapat umaksiyon si Labor Secretary Sil-vestre Bello III. Pakilusin niya ang mga kanyang mga tauhan para malantad ang mga employer na nagho-hold ng suweldo. Mag-inspeksiyon ang mga ito sa establi-simyento. Dapat namang lumantad at magkaisa ang mga manggagawa para ireklamo ang kanilang employer na nagho-hold ng kanilang suweldo. Kaila-ngang maparusahan ang mga "ganid" na employer.

***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# PRRD, PATULOY ANG PAGBISITA SA MGA LALAWIGAN NG CALABARZON

Ipagpapatuloy ni Pangulong Rodrigo Duterte ang kanyang mga pagbisita sa mga probinsiya upang pabilisin ang pag-unlad ng mga naapektuhan at isolated na barangay, ayon kay National Security Adviser (NSA) Hermogenes Esperon.

"On October 21, 2021, the President shall be visiting Region 4A to put emphasis on the development programs being implemented in support of counter-insurgency operations in the region. The Presidential visits were put on hold recently due to the Covid-19 pandemic," ani Esperon, na siya ring vicechairman of the National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-Elcac).

Makakasama sa Pangulo ang mga miyembro ng Gabinete at local executives, kabilang ang gobernador ng Quezon Province na si Danilo Suarez.

Sinabi ni Esperon na ang mga benepisyaryo ng Barangay Development Program (BDP) ng NTF-Elcac ay kakatawanin ng kanilang mga punong barangay.

"As a former mayor himself, Duterte is intimately familiar with the dynamics and management of local government units. He is particularly heartened by the landmark Supreme Court Ruling which specifies the adjusted share of local government units (LGUs), also known as Internal Revenue Allotment or IRA," aniya.

"The IRA will now be computed based on all national taxes, resulting in the substantial increase of the LGU's IRA. This translates to expanded development projects and programs in all levels of the local government."

# MSMEs urged to continue innovating to be more competitive

Micro, small and medium entrepreneurs (MSMEs) participating in the weeklong trade fair organized by the Department of Trade and Industry (DTI) here are encouraged to continue developing their products to remain competitive.

The MSME Week Trade Fair that will run until October 17 kicked off at the Megaworld's Festive Walk Mall in this city's Mandurriao district on Wednesday with 58 participating exhibitors from the six provinces of Western Visayas.

"We continue to encourage our MSMEs to go on product development. This is the only to be competitive. Every time a buyer sees a product whether online or physical, they will look for new," said DTI Western Visayas Regional Director Rebecca M. Rascon in her message during the opening ceremony.

Rascon said after two years, the products currently being displayed have new designs and new combinations which are already the result of the product development under DTI's One Town, One Product (OTOP) Next Gen.

In developing the products, she said it is important that MSMEs look into making their packaging attractive, as the current bulk of buyers include young people or millennials who are mostly visual.

"We have to also develop our products depending on our target market and trend," she said.

Meantime, Rascon expressed appreciation to the Megaworld for allowing the department to hold the physical display of the products amid the challenges of the health pandemic.

"While we encourage online, we still believe that the physical trade fair is still effective. People still go to trade fairs and exhibits to see products, touch them, smell and even eat to appreciate immediately," she said.

Among the products on display are merchandise from processed foods, handicrafts, and other non-food products.

They included products such as hablon from piña and other fibers, yummy food and delicacies, artisanal homegrown crafts of fibers, bamboo, vines, abaca, and various local raw materials.

The trade fair with the theme "Makabagong MSMEs, Bagong Pag-asa Laban sa Pandemya", she said, is still part of their program expansion to assist MSMEs.

The regional director said that through the trade fair, producers can meet buyers that would result in matching and establishing linkages.

Meantime, DTI Regional Operations Group Assistant Secretary Demphna Du-Naga lauded the participants, which showcased the passion, pride, and the spirit of Western Visayas through their "creative, competitive, clas

FamilyMart

# GUHIT NG KAPALARAN

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ibayong kasiglahan ang mamamayani sa'yo, kaya naman kahit gaano karami ang dapat gawin, matatapos ahead of time. Mapagtutuunan ng pansin ang mga gawaing bahay. Lucky numbers at color for the day ang 27, 16, 52, 36, 46 at baby pink.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Nagawan ng paraan ang mga naging balakid sa pag-usad noon, kaya magagawa mo rin 'yan ngayon. Lucky numbers at color for the day ang 16, 42, 29, 53, 35 at sandalwood brown.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Habaan ang pasensya sa isang makulit na customers. Surprise cash ang ibabayad niya sa'yo. Lucky numbers at color for the day ang 36, 17, 43, 55, 26 at satin white.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Magpapasigla sa'yo ang bagong love inte-rest. Naglalandas ang isang steady relationship. Lucky numbers at color for the day ang 17, 28, 33, 42, 55 at pumpkin yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Tagumpay ang iyong transaction. Masagana ang magiging effect ng sales talk. Increasing ang income mo. Lucky numbers at color for the day ang 32, 23, 15, 42, 56 at crimson red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Let go mo na ang nakaraan. May bagong makikilala na deserving sa atensiyon at pagmamahal mo. Lucky numbers at color for the day ang 32, 23, 51, 46 at amethyst violet.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Libangin ang sarili, huwag ikulong sa mga kunsumisyon. Maki-pag-date o pasyalan ang mga k amag-anak. Lucky numbers at color for the day ang 53, 16, 27, 47, 35 at tangerine.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Magagawa mo ang mga gawain kung saan ka in-charge. Huwag kalimutan na bukod sa isip, gamitin rin ang puso. Lucky numbers at color for the day ang 46, 17, 51, 27, 36 at satin white.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Merong bagong project na darating. Kakaila-nganin ang supportive person para malampasan ito. Lucky numbers at color for the day ang 16, 47, 56, 27, 39 at shocking pink.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Patuloy na isagawa ang plano, para makita ang resulta. Huwag basta maniwala sa sasabihin ng iba. Lucky numbers at color for the day ang 15, 32, 29, 42, 56 at sapphire blue.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Baguhin ang mga nakasanayang ugali. Magiging daan ito para makasundo ang mga katrabaho. Lucky numbers at color for the day ang 18, 32, 21, 45, 56 at dollar green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Magiging innovative angmga projects. Ina-ayunan ng panahon na malantad ang kakayahan. Lucky numbers at color for the day ang 36, 23, 47, 52, 12 at magenta red.

# P200K pabuya sa killer ng siklista sa Cavite

Cavite , Philippines — Itinaas na sa halagang P200,000 ang halaga ng pabuya sa sinumang makakapagturo sa pumatay sa 20-anyos na siklista na natagpuan sa Kawit, Cavite Linggo ng gabi.

Ayon sa Facebook account ni Kawit Mayor Angelo Aguinaldo, sinabi nito na matapos ang pakikipag-usap niya sa mga magulang ng biktimang si Kenneth Ponce at napag-alaman na hindi pa rin nalulutas ang kaso ng pagpatay, ipinag-utos nito ang pagbibigay ng halagang P200,000 pabuya sa sino mang makakapagturo sa likod ng pagkamatay ng siklista.

"Matapos po ang pagkikita namin ng magulang ni Kenneth, ang biker na natagpuang wala nang buhay sa ating Kawit kamakailan, kasama po si Chief Investigator Roldan Requioma, napag-alaman nating hindi pa lutas ang dahilan ng pagkamatay nito. Kaya naman po bukod sa maigting na imbestigas-yon, ipinag-utos ko na rin pong itaas sa P200,000 ang pabuya sa kung sino man ang makapagturo ng mga nasa likod ng pagkamatay ni Kenneth," nakasaad sa FB account ni Mayor Aguinaldo.

Unang nag-alok si Aguinaldo ng P100,000 pabuya sa makakapagbigay impormasyon sa killer ni Ponce na natagpuang nakahandusay sa kahabaan ng Abaya Road, Brgy Tabon, Kawit, Cavite dakong alas-10 ng gabi.

Unang ipinalagay ng pulisya na biktima ito ng hit and run subalit nang lumabas ang autopsy ay may tama ito ng baril sa likurang bahagi ng katawan. Bukod dito, nawawala rin ang bisikletang gamit ng binata na nagkakahalaga ng P50,000 kaya pinaniniwalaang pagtangay sa bisikleta nito ang motibo ng mga suspek.

Jollibee

MINI STOP

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 35 OCTOBER 25 - 31, 2021 10.00

## ILANG ESTABLISYEMENTO, DAPAT SUMUNOD SA 'NO JAB, NO JOB' RESOLUTION NG IATF - BELLO

Base sa resolusyon ng Inter Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF), kailangan umanong 'fully vaccinated' ang mga manggagawa mula sa mga piling establisyemento tulad ng restaurants at spas.

Ayon kay Labor Secretary Silvestre Bello, ang naturang resolusyon umano ay dapat gawing legal na basehan ng mga establisyementong kagaya ng nabanggit na i-require ang kanilang mga empleyado na magkaroon ng kumpletong bakuna.

Partikular na ang mga manggagawang 'exposed' madalas sa mga tao.

Gayunpaman, nilinaw din ni Bello na hindi kabilang sa job requirements ang pagkakaroon ng bakuna para sa mga naghahanap ng trabaho at iligal umano na hanapan ng mga vaccination cards ang mga aplikante bago ito tanggapin sa trabaho.

Sa kabila ng inilabas na resolusyon ng IATF, wala pang batas na nagsasabing kinakailangang bakunado ang mga manggagawa bago ito payagang magtrabaho.

"The requirement that an employee must be vaccinated has no basis in law. That means, it cannot be imposed by companies." paglilinaw ni DOLE Undersecretary Ana Dione.

Dagdag pa ni Dione, hindi rin umano maaaring alisin sa trabaho ang mga manggagawang ayaw tumanggap ng bakuna kontra COVID-19.

Samantala, kinwestiyon naman ng Federation of Free Workers (FFW) ang legalidad ng naturang resolusyon.

## ILANG RESIDENTE NG SILANG, UMAPELA SA PAGPUPUTOL NG PUNO PARA SA ROAD WIDENING PROJECT

Umaapela ang ilang residente ang pagputol ng 68 puno sa kahabaan ng Silang-Aguinaldo Highway para sa isang road widening project ng pamahalaan.

Noong Oktubre 18, isang residente ang nagpasimula ng online signature campaign laban sa naturang aktibidad.

"There are approximately 60+ trees to be cut down due to impending road widening along Silang – Aguinaldo Highway. This is to give way to cars and the influx of more cars once CALAX (Cavite–Laguna Expressway) is opened," saad sa petisyon ng Change.org.

"With the urgent calls for action to combat climate change, why is our Government not heeding the call? And why do they always focus on giving priority to the minority of Filipinos who own a car?" dagdag pa nito.

Nitong Oktubre 21 ay may kabuuang 558 katao na ang pumirma sa petisyon.

Samantala, ibinahagi ni Mayor Poblete isang post sa Facebook noong Oktubre 19 na nalulungkot din siya na ang mga puno ay dapat putulin.

Ayon sa kanya, ang Department of Public Works and Highways (DPWH) at ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) ay nakipag-ugnayan sa Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) hinggil sa naturang usapin.

Sa naging pagrepaso sa mga patakaran at pagsusuri sa sitwasyon sa lupa, napagdesisyunan na ang pagputol ng puno ay kailangang magpatuloy upang maiwasan ang pinsala sa kalsada mula sa mga ugat at aksidente mula sa mga sanga.




SOGO HOTEL BACOOR

## 158 BLOOD BAGS, NAKALAP SA BLOOD DONATION DRIVE SA CENTRI



Nasa 158 blood bags ang nakalap ng Department of Health Center for Health Development (DOH-CHD) Calabarzon sa naganap na Voluntary Blood Donation sa lungsod ng General Trias noong Biyernes, Oktubre 15.

Naging matagumpay ang naturang proyekto sa tulong ng General Trias Community Affairs Office at National Voluntary Blood Services, na inaasahang makatutulong sa mga nangangailangan ng dugo.

## HIGIT 3M HALAGA NG HINIHINALANG DROGA, NAKUMPISKA SA BACOOR

Tinatayang aabot sa P3, 400, 000 halaga ng hinihinalang shabu ang nakumpiska sa tatlong (3) drug suspects sa isinagawang anti-illegal drug operation sa Bacoor, Cavite nitong Oktubre 21.

Kinilala ng mga pulis ang mga suspek na sina Marvin Espiritu Dominguez alyas Barron, 30 taong gulang mula Imus; John Paul Reyes alyas Kuya, 26 taong gulang na taga-Bacoor; at Christine Bautista Alvaran alyas Nanay, 25 taong gulang mula sa Dasmariñas.

May sukat na 500 gramo ang nakumpiskang hinihinalang droga na katumbas ng higit P3-milyong halaga.

Bukod rito, narekober rin sa mga suspek ang isang yunit ng Toyota Avanza, isang Vivo cellular phone, 3 IDs, 8 bundles ng boodle money at iba pang drug paraphernalia.

Sa katunayan, ilang araw na umanong inoobserbahan ng mga pulis ang ikinikilos ng mga suspek bago pa man maganap ang nasabing buy-bust operation saa Floraville Subdivision, Brgy. Panapaan 1, dakong alas-3 ng hapon.



## CAVITE'S PRIDE WESLEY SO, WINS US CHESS CHAMPIONSHIP



Cavite-born Wesley So dominates the single round-robin play-offs for the 2021 US Men's Chess Championship as he both beat Fabiano Caruana and Samuel Sevian.

The three players tied for first place, so a single round-robin rapid playoff was held per rules.

Wesley retains the title of US Champion that he won last year when Caruana surrender in 46 moves and beat Sevian in just 33 moves of a Modern Defense Averbakh.

Aside from the title, he also won US$50,000 for this year's playoffs.